

# Wika at Panitikang Hiligaynon, Kinaray-a, at Akeanon, tampok sa pambansang kumperensiya ng KWF

Itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at ng West Visayas State University (WVSU) ang *Ugsad ng Literatura sa Bisayas Nakatundan: Pambansang Kumperensiya sa Wika at Panitikang Hiligaynon, Kinaray-a, at Akeanon* na mangyayari sa 1-3 Disyembre 2014 sa WVSU, Lapaz, Lungsod Iloilo.

Nilalayon ng kumperensiyang maitampok ang wika at panitikang Hiligaynon, Kinaray-a, at Akeanon at magkaroon ng mga talakayan sa mga isyu at pagbabago na kinahaharap ng mga nito bilang ambag sa pagpapaunlad ng wika at panitikang Filipino.

Inaasahan ang pagdalo ng mga punong guro, tagapag-ugnay, mga guro ng Panitikan ng Bisayas sa elemetarya at sekundarya, at mga gurong nagtuturo sa mga wikang Bisaya.

Magkakaroon ng mga sesyon sa sumusunod na paksa: 1.) *Pag-ulikid sa Kasaysayan ng Literatura ng Bisayas Nakatundan*; 2.) *Panitikan ng Kanlurang Bisayas at ang Pagbuo ng Panitikang Pambansa*; 3.) *Ang Kontemporaneong Literatura sa Bisayas, Nakatundan*; at 4.) *Mga Wika sa Bisayas Nakatundan sa Panahon ng K to 12 Kurikulum at Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE)*.

Kabalikat ng KWF at WVSU sa Ugsad ang tanggapang panlalawigan ng Iloilo, Tambubo, Hiligaynon Multi-Purpose Cooperative, at Sumakwelan.

Para sa mga katanungan hinggil sa kumperensiya, mangyaring makipag-ugnayan kay Gng. Lourdes Z. Hinampas sa mga numerong (02) 736-2519 / 0928-348-5870 / 0932-634-8721, o kay Dr.

Francisca T. Borja sa numerong 0920-217-0514 / 0925-544-2627.  
Maaari ring magpadala ng email sa [komisjonsawika@gmail.com](mailto:komisjonsawika@gmail.com), o  
bumisita sa [kwf.gov.ph](http://kwf.gov.ph).